

Magsisimulang pumasok sa mababang paaralan (primary school)?

Ang pagsisimula ng pagpasok sa paaralan ay panahong kinasasabikan ng mga bata, magulang at tagapag-alaga.

Ang unang taon sa mababang paaralan ay tinatawag na Foundation o Prep.

Para mag-enrol sa mababang paaralan ng pamahalaang Victoria, sundin lamang ang mga hakbang na ito isang taon bago magsimulang pumasok sa paaralan ang iyong anak.

Bago punan ang aplikasyon


Basahin sa aming website kung kailan at kung paano mag-enrol



Siguraduhin na ang iyong anak ay nasa tamang gulang para magsimulang mag-aral



Hanapin ang pinakamalapit sa inyo na paaralan at iba pang kalapit na mga paaralan ng pamahalaan sa **findmyschool.vic.gov.au**



Kontakin ang mga mababang paaralan para mag-book ng tour, bumisita o para sa karagdagang impormasyon



Pag-apply para mag-enrol sa Foundation


Kumuha ng aplikasyon na form mula sa mababang paaralan



Ipunin ang kinakailangang mga dokumento



Isumite ang lahat ng ito sa mababang paaralan sa takdang araw (huling Biyernes ng Hulyo)



Maghintay na kayo ay kontakin ng paaralan (unang 2 linggo ng Agosto)



Mas marami ka pang malalaman, at makaka-access ng mga isinalinwikang mapagkukunan ng impormasyon, sa:

Pag-enrol sa Foundation (Prep) | Pamahalaan ng Victoria



Department of Education